**Mga Update sa Pagproseso sa 2020 Senso**

Inaasahan ng Kawanihan ng Senso ng U.S. na makumpleto ang mga unang resulta mula sa 2020 Senso sa Abril 30, 2021, ayon sa gumaganap na direktor na si Ron Jarmin sa isang post sa blog (sa Ingles) noong Pebrero 2, 2021. Kabilang sa mga unang resultang ilalabas ang mga bilang ng populasyon para sa bansa, mga estado (state), sa District of Columbia at Puerto Rico. Tutukuyin ng mga bilang ng populasyon ng estado (state) kung ilang puwesto ang ilalaan para sa bawat estado (state) sa Kapulungan ng mga Kinatawan ng U.S. Hindi pa kabilang sa mga resultang ito ang mga pagkakahati ayon sa lahi o etnisidad; isasama ang estadistikang iyon sa ilalabas na data sa hinaharap.

Ipinaliwanag ni Jarmin na inasahan ng Kawanihan ng Senso na maihatid ang mga resultang ito bago lumipas ang Disyembre 31, 2020. Naantala ang iskedyul dahil sa pandemya ng COVID-19 at upang magbigay ng sapat na oras para lutasin ang mga isyung nakita habang pinoproseso ang data. Ipinaliwanag niya na "karaniwan" para sa pagproseso ng malalaking data ang marami sa mga isyu at pinalala ng pandemya ang ibang mga isyu. Ang ilan sa mga isyu ay maaaring magkaroon ng malaking epekto sa bilang para sa mga komunidad kung saan naroroon ang mga ito, kaya sinabi ni Jarmin na sinasaliksik at inaayos nang mabuti ng Kawanihan ng Senso ang lahat ng mga isyung nakikita nila. Tiniyak niya na layunin ng Kawanihan ng Senso na bumuo ng kumpleto at wastong senso – isang senso na binibilang ang lahat ng naninirahan sa Estados Unidos nang isang beses, nang isang beses lamang, at sa tamang lugar.

Sinabi rin ni Jarmin na patuloy na magbibigay ang Kawanihan ng Senso ng mga update tungkol sa kalidad ng 2020 Senso, kabilang ang mga pagsusuri ng mga eksperto mula sa labas. Sinabi niyang magbibigay ang mga pagsisikap na ito sa publiko ng hindi mahihigitang pagtanaw sa likod ng mga pangyayari sa 2020 Senso at dapat makapagbigay ng karagdagang kumpiyansa sa paggamit ng mga resulta ng 2020 Senso.